# Tunay na ang tubig ng lalaki ay makapal na kulay puti,at ang tubig ng babae ay manipis na kulay dilaw,At kahit saan sa dalawang ito ang pumataas o mauna,ito ang magiging kahawig niya))

Ayon kay Anas bin Mālik-malugod si Allah sa Kanya-Tunay na si Ummu Sulaym ay nakipag-usap,Na siya ay nagtanong sa Propeta ni Allah pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-sa babaeng nakita niya sa pagtulog niya ang tulad ng nakikita ng isang lalaki,Nagsabi ang Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-((Kapag nakita ito mga babae,siya ay(nararapat na) maligo))Nagsabi si Ummu Sulaym; Nahiya ako dahil dito,Nagsabi siya: Maaari bang mangyari ito?Sinabi ng Propeta ni Allah pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-:((Oo, Saan manggagaling ang pagkakahawig?Tunay na ang tubig ng lalaki ay makapal na kulay puti,at ang tubig ng babae ay manipis na kulay dilaw,At kahit saan sa dalawang ito ang pumataas o mauna,ito ang magiging kahawig niya))
[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Ipinapaalam ni Anas bin Mālik-malugod si Allah sa kanya-ayon kay Ummu Sulaym-malugod si Allah sa kanya-Tunay na siya ay nagtanong sa Propeta ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-tungkol sa babaeng nakikita niya sa pagtulog niya ang tulad ng nakikita ng lalaki mula sa pagtatalik.Sinagot siya ng Sugo ni Allah pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-na:(( Kapag nakita ito ng babae,siya ay (nararapat na) maligo)) Ibig sabihin: Kapag nakita ng babae sa pagtulog niya ang nakikita ng lalaki,ay (nararapat siyang) maligo,at ang ipinapahiwatig rito:Ay kapag lumabas ang tubig,tulad ng naisalaysay sa Hadith ni Imam Al-Bukhārī: "Nagsabi siya:Oo,kapag nakita niya ang tubig"Ibig sabihin ay ang Simelya,makikita niya ito pagkatapos niyang gumising,Ngunit kapag siya at nakakita ng panaginip sa pagtulog at walang nakitang Simelya ,at hindi nararapat sa kanya ang Pagligo. Sapagkat ang panuntunan ay nakasalalay sa paglabas,Kung kaya't nang tanungin ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-tungkol sa lalaking na may natagpuang basa at Hindi nito naaalala na siya na nanaginip,Nagsabi siya: " Siya ay (nararapat na) maligo." At ang tungkol sa lalaking nakakita siya sa panaginip niya,ngunit wala siyang natagpuang basa,Nagsabi siya:Hindi (nararapat sa kanya) ang Pagligo.Nagsabi si Ummu Sulaym: Ang babaing nakakita nito,nararapat ba sa kanya ang pagligo? Nagsabi siya:Oo,Tunay na ang mga kababaihan at kapatid ng mga kalalakihan"Isinaysay ito ni Imām Ahmad at Imām Abū Dawūd.At nang marinig ni Ummu Sulaym ang kasagutan mula sa Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-napahiya siya dahil dito,at nagsabi siya:"Maaari bang mangyari ito?Ibig sabihin ay: Maaari bang mangyari na managinip ang babae at labasan tulad ng sitwasyon ng isang lalaki?Nagsabi ang Propeta ni Allah pagpalain siya ni Allah at

pangalagaan-:"Oo":Ibig sabihin ay:Mangyayari sa isang babae ang pananaginip at paglabas,tulad ng nangyayari sa isang lalaki at Wala itong pagkakaiba.Pagkatapos at sinabi nito sa kanya bilang pagpapaliwanag dito:Saan manggagaling ang pagkakahawig?" At sa ibang salaysay sa Sahēhayn:" at saan ang magiging kahawig ng anak niya" Ibig sabihin: Saan manggagaling ang paghahawig ng bata sa ina niya,kung hindi ito labasan ng Tamud?! Pagkatapos ay ipinahayag ng Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ann katangian ng Simelya ng lalaki at katangian ng Simelya na babae sa pagsabi niyang:" Tunay na ang tubig ng lalaki ay makapal at kulay puti,at ang tubig ng babae ay manipis at kulay dilaw" At ang paglalarawang ito,ay isinasaalang-alang sa kadalasang nangyayari at ligtas na sitwasyon; Sapagkat ang Simelya ng lalaki ay maaaring maging manipis dulot ng sakit,at mamula-mula dahil sa maraming beses ng pagtatalik, At maaari ding maging kulay puti ang tamud ng babae dahil sa lakas nito.At nabanggit ng mga may kaalaman-Kaawaan sila ni Allah-Na sa ang Simelya ng kalalakihan ay may ibang palatandaan upang matiyak ito,at ito ay: Pagpatak niya sa paglabas niya,pumapatak siya pagkaraan na pagpatak,at ipinapatnubay ng Qur-an ang mga ito,Nagsabi siya-Pagkataas-taas Aniya:(Mula sa isang patak na sumago) At ang paglabas nito ay may kasamang pagnanasa at kasiyahan at kapag ito at nakalabas magiging kasunod niya sa paglabas nito ang panlalamig at isang amoy na kasing-amoy ng sumisibol na Puno ng Palmera,at ang amoy ng sumisibol ay malapit sa amoy ng masang (harina).At Simelya ang ng babae,nagsasabi sila rito: Na sa kanya ay may dalawang katangian,malalaman ang isa mula sa dalawang ito,Ang una rito: Ang amoy nito ay kasing-amoy ng Simelya ng lalaki at ang ikalawa ay ang kasiyahan sa paglabas nito at panlalamig dahil sa pagnanasa nito,na susunod sa paglabas nito.At hindi kondisyon sa pagtukoy na ito ay Simelya,ang pagsasama ng lahat ng katangiang (nabanggit) sa una,datapuwat sapat na ang paghatol rito na Simelya sa pamamagitan ng isang katangian lamang,at kapag walang natagpuan sa alinmang mga bagay na ito,hindi ito mahahatulan na Similya,at mananaig sa pag-aakala na ito ay hindi Similya."at kahit saan sa dalawang ito ang pumataas o mauna,ito ay magiging kahawig niya" at sa ibang salaysay:"manaig"ibig sabihin at mula sa tubig ng lalaki o tubig ng babae;Sinuman ang manaig ang tubig nito sa tubig ng iba;dahil sa dami at lakas,ang paghahawig ay mapapasakanya,o di kaya'y mauuna ang isa rito sa iba sa paglabas,Magiging hawig nito ay sa kanya.at Nagsabi ang mga ilang may kaalaman:Na ang ibig sabihin ng pumataas ay nauuna,kapag nauna ang tubig ng lalaki ang paghahawig ay mapapasakanya,at kapag nauna ang tubig ng babae ang paghahawig ay mapapasakanya.Ito at dahil sa ang Semilya ng lalaki at ang Semilya ng babae ay naghahalo sa sinapupunan,Ang babae ay linalabasan at ang lalaki ay linalabasan at naghahalo ang tubig nilang dalawa,at sa paghahalo nila,mabubuo ang sanggol;Kung-kaya't nagsabi siya-pagkataas-taas Nita:(Katotohanang Aming nilikha ang tao mula sa Nutfah (magkahalong semilya ng lalaki at babae)[Al-Insān;1-2] Na Ibig sabihin ay pinaghalo mula sa tubig ng lalaki at tubig ng babae.

النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY

لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC
E-Da'wah Committee